# Aktibong Sakit na TB
# Mga Katanungan at Sagot para sa mga Kliyente
# Active TB Disease
# Questions and Answers for Clients

Ang mga taong may active TB disease ay karaniwang may mga tanong tungkol sa kanilang pangangalaga at treatment o paggamot. Ito ang ilang mga karaniwang katanungan at sagot na maaaring makatulong sa iyo na malaman kung ano ang iyong maaasahan:

**T: Sinabi sa akin na mayroon akong sakit na TB. Ano ang maaasahan kong mangyari ngayon?**
**Q: I've been told I have TB disease. What can I expect now?**

Oras na sinabihan ka na ikaw ay may active TB disease, bibigyan ka ng iyong nurse ng iba't-ibang handouts. Sa tulong ng handouts na ito, mas maunawaan mo kung ano ang TB, kung ano ang mga gamot na iinumin mo, at kung ano ang iyong magagawa upang maiwasan ang pagkalat ng TB sa ibang mga tao.

Tatawagan ka rin ng isang nurse consultant at/o public health nurse. Ang mga nurse na ito ay hindi nagtratrabaho sa TB clinic ngunit sila'y bahagi ng team ng health care providers na mag-aalaga sa iyo at sa ibang mga taong malapít sa iyo na maaaring kailangang i-test para sa TB. Tatanungin ka nila tungkol sa iyong mga aktibidad, kung kanino ka nakipagkita, at mga lugar na pinuntahan mo. Makakatulong ito sa mga nurse na malaman kung kanino dapat mag-alok ng TB testing. Hindi sasabihin ng mga nurse na ito sa iba kung sino ka o ang anumang impormasyon tungkol sa iyo.

**T: Ano ang treatment o paggamot para sa active TB disease?**
**Q: What is the treatment for active TB disease?**

Ang treatment ay karaniwang 6 hanggang 9 na buwan, pero maaaring magtagal pa sa ilang mga kaso. Gumagamit ng iba't-ibang mga gamot (pills) upang gamutin ang sakit na TB, at ang mga pinaka-karaniwan ay isoniazid, rifampin, pyrazinamide, at ethambutol. May ilang pills na kinakailangan sa iba't-ibang mga panahon upang pinakamainam na labanan ang mikrobyo ng TB. Titingnan ng nurse at doktor ang nagiging epekto ng gamot sa iyo at maaari silang gumawa ng mga pagbabago kung kinakailangan.

**T: Bakit napakatagal kong kailangan inumin ang mga gamot sa TB?**
**Q: Why do I need to take TB medications for so long?**

Ang mga mikrobyo ng TB ay napakalakas at inaabot nang 6 na buwan man lamang ng pag-inom ng mga gamot upang mapatay ang mikrobyo ng TB. Kahit na bumubuti na ang iyong pakiramdam, mahalagang-mahalaga ang patuloy na inumin ang mga gamot tulad ng iniutos ng iyong doktor at nurse. Mahalaga ang sabihin mo kaagad sa iyong doktor at nurse kung itinigil mo ang pag-inom ng iyong gamot kapag tinanong ka nila.

**T: Gaano kadalas ako dapat magpunta sa clinic?**
**Q: How often do I need to come to the clinic?**

Magkakaroon ka ng mga regular appointment sa BCCDC TB clinic. Sa unang buwan ng treatment, maaaring kailangan ka magpunta nang mas madalas. Pagkatapos noon, ang karamihan ng mga tao ay nagpupunta sa clinic isang beses bawat buwan.

**T: Sino ang pupuntahan ko kapag pupunta ako sa clinic?**
**Q: Who will I see during these clinic visits?**

Mayroon kaming mahusay na team ng mga taong tutulong sa iyo, kabilang ang mga nurse, mga doktor, at paminsan-minsan, mga parmasyotiko. Ang aming layunin ay ang tulungan kang bumuti upang humusay ang iyong kalusugan sa pinakamabilis at pinakaligtas na paraang maaari.

**T: Ano ang mangyayari tuwing magpupunta ako sa clinic?**
**Q: What happens during these clinic visits?**

Tatanungin namin sa iyo kung ano ang iyong nararamdaman, susuriin namin ang iyong mga mata, titimbangin ka namin, itse-tsek namin ang iyong mga mata, tatanungin namin kung mayroon kang anumang mga bagong gamot na sinimulan, tatanungin ka namin kung mayroon kang nararamdamang anumang side effects, pag-uusapan natin ang iyong mga gamot sa TB, at sisiguraduhin naming mainam ang iyong kalagayan. Hihilingin kang magpagawa ng iba pang mga test, tulad ng blood test, chest x-ray, at sample ng dura. Ito'y mahalaga dahil nasasabi nito sa amin kung gaano kahusay gumagana ang treatment.

Ang mga appointment na ito sa clinic ay mainam na mga panahon upang magtanong ng anumang mga katanungan! Maisusulat mo sa mga linya sa ibaba ang anumang mga gusto mong itanong:

**T: Gaano katagal ang mga appointment sa clinic?**
**Q: How long are these clinic visits?**

Ang unang appointment sa clinic ay maaaring abutin nang 2 oras. Ang mga susunod na appointment ay karaniwang mas maikli at magtatagal nang mga 30 minuto kung OK ang lahat.

**T: Kailangan matatapos ang aking treatment para hindi ko na kailangang magpunta sa clinic?**
**Q: When is my treatment completed so that I no longer have to come to the clinic?**

Sasabihin sa iyo ng iyong doktor kung kailan matatapos ang iyong treatment. Titingnan ng doktor ang ilang mga bagay tulad ng kung tumigil na ang pagdami ng mikrobyo ng TB sa iyong dura, mga pagbabago sa iyong timbang, paano mo ininom ang iyong mga gamot, ang bilang at uri ng mga gamot na iyong ininom, kalagayan ng iyong mga x-ray, at kung mas mahusay ang iyong pakiramdam sa pangkalahatan. Oras na natapos mo na ang iyong treatment, maaaring hilingin kang bumalik sa clinic upang masigurado na bumubuti ka pa rin. Ang mga appointment na ito ay karaniwang mas maikli at karaniwang may kasamang chest x-ray at health check ng doktor.